**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 2

## Introduksiyon

Sa nakaraang Modyul, inaasahan na naiposisyon mo ang iyong sarili sa usapin ng pamana at ngayon ay handa ka na para pag-usapan ang mas malawak na domain ng kamanahang kultural. Ang modyul na ito ay bahagi ng *Yunit I - Kamanahang Kultural bilang Konseptuwal na Balangkas* ng silabus sa PA 150.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 2, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng mga konseptong kaugnay ng Kamanahang Kultural;
2. Makapagpapaliwanag ng mga karanasang kaugnay ng mga konseptong may kinalaman sa pag-aaral ng Kamanahang Kultural.

## Kamanahang Kultural bilang Konseptwal na Balangkas

Mula sa perspektibang personal, nabatid mo na ang pamana ay nakaangkla sa usapin ng gunita at alaala. Ito ay pagbabalik-tanaw sa iyong identidad at pagkakakilanlan. Higit pa sa usapin ng nostalhiya isang romantisasyon ng nakaraan, ang pamana bilang susi sa gunita at alaala ay naglulunsad ng isang imbestigasyon sa mga bagay na mahalaga sa iyo at sa iyong komunidad.

| **Gabay sa Gawain** | |
|---|---|
| 1. Basahin mo ang sanaysay na *The interlinkage of cultural memory, heritage and discourses of construction, transformation and destruction* ni Apaydin at ang *Fall of Monuments as a Tool for Social Change* ni N. Wijegoonawardana.<br><br>Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano ang pakahulugan mo sa sipi na ito mula kay Apaydin?<br>*...cultural memory and heritage are processes that actively engage the social,* | |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

*economic and political life of the present; they are living processes and a tool for the resilience of communities. (p14).*

b. Alamin at ipaliwanag ang pagkakaiba sa kaso ng Castleford at Cattepe sa sanaysay ni Apaydin.
c. Bakit mahalagang rebyuhin at balikan ang kahalagahan ng mga monumento bilang likhang sining at simbolikal na instrumento ng kapangyarihan ayon sa sanaysay ni Wijegoonawardana?

d. Batay sa sanaysay ni Wijegoonawardana, balangkasin ang magkakaibang perspektiba at pananaw sa pagtatanggal ng mga mahahalagang monumento ng bayan. Pumili ka ng isang panig at pangatwiranan mo ito.

e. Sa konteksto ng sanaysay ni Wijegoonawardana, mayroon din bang kaparehong kasaysayan, likhang sining, at pangangailangan sa pagrerebyu ng nakaraan ang Pilipinas? Ipaliwanag sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa.

2. Maghandang talakayin at sagutin ang mga tanong bilang pangkat. Pumili ng isang miyembro na mag-uulat sa naging resulta ng inyong talakayan.

3. Maghanda sa isang maikling pagsusulit.

**Format ng Pagsusulit:** 30 mins max., short answer questions

**Rubrik ng Pagpupuntos sa Pagsusulit (10pts):**

| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
|---|---|
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 3pts |
| Mainam na pagtalakay sa mga idea | 2pts |
| Mahusay na pag-uugnay ng mga babasahin | 2pts |
| Malinaw na paggamit ng wika | 3pts |

Pangwakas

Sa modyul na ito natutunan mong ang kamanahang kultural ay performativo. Isa itong muling pagtunghay sa nakaraang karanasan at naratibong bayan tungo sa pagharap sa mga hamon kasalukuyan. Dahil hindi naman homogenous at monolitiko ang mga karanasang ito, nagbibigay daan ang kamanahang kultural sa iba't ibang danas, kasaysayan, at praktis.

Sanggunian:

Apaydin, V. (2020). The interlinkage of cultural memory, heritage and discourses of construction, transformation and destruction. *Perspectives on Cultural Memory and Heritage: Construction, Transformation and Destruction.* UCL Press. https://www.jstor.org/stable/j.ctv13xpsfp.7

Wijegoonawardana, N. (2021). Fall of Monuments as a Tool for Social Change. *Colombo Journal of Multi-Disciplinary Research*, *6*(1). https://fgs.cmb.ac.lk/wp-content/uploads/Vol-06-No-01-87-96.pdf

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)